初期日本語集中教室　　　（フィリピン語翻訳）［保護者用］

Komite ng Edukasyon sa Lungsod ng Nagoya

**Para sa mga Batang Mag-aaral na Pumapasok sa Panglungsod na Paaralan sa Nagoya**

# 「Silid-aralan Para sa Paunang Intensibong Pag-aaral ng Wikang Hapones」

○ Ito ay silid-aralan para sa panimulang saligan ng pag-aaral sa Wikang Hapones (pang-araw-araw ng pananalita/pag-uusap at iba pa).
○ Pag-aaralan din ang tungkol sa pamumuhay sa loob ng paaralan sa Bansang Hapon (pamamaraan ng pagkaklase at iba pa).
○ Mayroong 3 uri ng pag-aaral , indibidwal na pag-aaral sa silid-aralan, grupo na pag-aaral sa silid aralan ,online na pag-aaral (internet).
○ Ang indibidwal na pag-aaral ay sa umaga lamang .Sa hapon ay babalik sa pinapasukang paaralan upang mag-aral.
Ang pag-aaral sa grupo ay maaaring mamili alinman sa umaga o hapon.Sumangguni lamang sa paaralan o sa Nihongo Kyouiku Soudan Center batay sa pinakamadaling transportasyon mula sa tinitirhang lugar at kalagayan ng panahon ng pagpapatala.
○ Libre o walang bayad ang pag-aaral sa Wikang Hapones. Ang mga mag-aaral na pumapasok sa elementarya na nagnanais ng pag-aaral sa silid aralan ay kinakailangang samahan ng mga magulang.
○ Mayroong online na pag-aaral (internet) para sa mga mag-aaral sa elementarya na hindi masasamahan ng mga magulang at mga mag-aaral sa Jr. Highschool na may kahirapang puntahan ang lugar ng pag-aaralan dahil sa kalayuan ng tirahan at iba pa.

**<Indibidwal na Pag-aaral sa Silid Aralan>**

| | | |
|---|---|---|
| **Lugar** | Silid aralan sa Toukai Shou Gakkou | Silid aralan sa Miyamae Shou Gakkou |
| **Paraan ng Pagpunta** | Subway o Chikatetsu 「Toukai doori」 500m hilagang-kanluran (NW) | Subway o Chikatetsu 「Kami Iida」 700m Silangan (E) 「Oozone」 1 500m hilagang-kanluran (NW) |
| **Araw at Oras ng Liksyon** | Lunes 〜 Biyernes (Araw-araw ・Mga 3 Buwan) ９：００ 〜 １１：２０ ng umaga | |
| **Nilalaman Ng Pag-aaral** | Panimulang saligan ng pag-aaral sa Wikang Hapones (pang-araw-araw na pananalita/pag-uusap, simpleng pagbasa at pagsulat) pamumuhay sa loob ng paaralan sa Bansang Hapon (pamamaraan ng pagkaklase atbp) | |
| **At iba pa** | Para sa mga nasa baitang 3 pataas, pagkatapos ng klase ay pumunta sa kasalukuyang pinapasukang paaralan,kumain ng pananghalian at magkaklase sa hapon. | |

**<Grupo na Pag-aaral sa Silid Aralan>**

| | |
|---|---|
| **Lugar** | Sasashima Kyoushitsu |
| **Paraan ng Pagpunta** | Subway o Chikatetsu 「Kokusai Center」 160m timog (S) |
| **Araw at Oras ng Liksyon** | Lunes 〜 Biyernes (Araw-araw)<br>Group ① ９：１５ 〜 １１：１５<br>Group ② １３：４５〜１５：４５ |
| **Nilalaman Ng Pag-aaral** | Panimulang saligan ng pag-aaral sa Wikang Hapones (pang-araw-araw na pananalita/pag-uusap, simpleng pagbasa at pagsulat) pamumuhay sa loob ng paaralan sa Bansang Hapon (pamamaraan ng pagkaklase atbp) |
| **At iba pa** | Ang Group ①,pagkatapos ng pag-aaral ay pupunta sa pinapasukang paaralan ,kakain ng pananghalian at magkaklase sa hapon.<br>.Ang Group ② ,pagkatapos kumain ng pananghalian sa paaralan ay pupunta sa Sasashima Kyoushitsu para mag-aral at pagkatapos ay uuwi ng diretso sa mga kanilang tirahan.<br>※Sa ① at ② ay tumatanggap ng mga nasa 1 baitang ・ika-2 baitang.<br>Ang pagtanggap sa mga nasa 1 baitang ay magsisimula sa ika-2 semestre ng pag-aaral. |

**<Online na Pag-aaral　Grupo na Pag-aaral>**

| | |
|---|---|
| **Araw at Oras ng Liksyon** | Lunes 〜 Biyernes ( Araw-araw) Mga 4 na buwan<br>8：50 〜 10：30 o kaya １０：４５〜１２：２５ ng tanghali |
| **Nilalaman Ng Pag-aaral** | Panimulang saligan ng pag-aaral sa Wikang Hapones (pang-araw-araw na pananalita/pag-uusap, simpleng pagbasa at pagsulat) pamumuhay sa loob ng paaralan sa Bansang Hapon (pamamaraan ng pagkaklase at iba pa) |
| **At iba pa** | Para sa mga nasa baitang 3 pataas, gagamit ng tablet terminal para sa pag-aaral. |

◇◇◇◇ Ipinapakiusap na sumangguni sa guro ng paaralan ng inyong anak o sa 「Sentro ng Pagkonsulta o Pagsangguni ukol sa Edukasyon sa Wikang Hapones.」◇◇◇◇